



Si Maria at ang Banak



**Kuwento ni:
Melanie D. Gatanela**

**Iginuhit ni:
Abigail R. Sadang**





Treasury of Storybooks

This story is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education. Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Melanie D. Gatanela. *Si Maria at Ang Banak*. DepEd-BLR, 2022

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Melanie D. Gatanela

EM's Signal Village Elementary School

Illustrator: Abigail R. Sadang

Signal Village National High School

Learning Resources Managers

Mrs. Josefina R. Granada, Principal IV

Mr. Santiago T. Alvis, Principal III

Dr. Daisy L. Mataac, EPS LRMS/ALS

Dr. Ellery G. Quintia, CID Chief

Quinn Norman O. Arreza, JD

Dr. Alejandro G. Ibañez, SDS

**SDO Taguig City and Pateros
National Capital Region**

Si Maria at ang Banak



Kasanayan

Naipapamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pandaigdigang pagkakaisa tungo sa isang maunlad, mapayapa at mapagkalingang pamayanan.

Naipakikita ang wastong pangangalaga sa kapaligiran para sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.

Nakagagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhatan at pinagkukunangyaman.

EsP6PPPIIIe-36-7



Sa isang lumang bayan kung saan naninirahan ang mga tagagiik at ilang mangingisda ay saganang namumuhay ang mga mamamayan nito. Dala ito ng masaganang ani sa sakahan at mga huling isda sa tabing lawa ng bayan.

Sa bayang ito ay simpleng naninirahan ang pamilya ng batang si Maria.

Hilig ni Maria ang tumulong sa bukid at maglaro sa tabing ilog kung kaya naman kilala siya ng mga tagaroon bilang matulungin at masayahing bata.

Si Maria ay lumaki sa pangangalaga ng kanyang mga kuya. Sa murang edad pa lamang, natutunan na niyang maging responsible, matulungin sa kapwa, at maging mapagbigay na malimit ipaalala sa kanya ng mga kapatid at magulang.





Kung panahon ng tag-ani, ibinibida ng mga magsasaka ang kanilang mga gulay, palay at iba pang ani sa kanilang Patron na si Santa Ana. Gayundin ang naging kaugalian ng mga mangingisda. Ibinibida rin nila ang pinakamalaki, pinakamabigat, pinakamaliit at pinakamakintab na kaliskis na huling isda at iba pa bilang paligsahan sa bayan.

Ikinasasaya ng batang si Maria tuwing Hulyo kung kailan ipinagdidiwang ang kapistahan ni Santa Ana. Marami siyang nakikilalang mga tao at nakikitang bago sa lugar.

Ang pagbibigayan ang kaugaliang tumatak sa isipan ng batang si Maria.



Isang araw, may dumating na isang matandang babae sa lugar ng mga tagagiik. Habang masaya namang nagsasalo-salo ang mga lalaking magsasaka sa hatid na tanghalian ng kanilang mga asawa.

Gutom na gutom na ang matanda na galing sa kung saan. Kaawa-awang tingnan ang matanda, punit-punit na ang kanyang suot na lumang blusa at madungis na ang kanyang mukha. Batid sa hitsura nito ang pagod na pinagdaanan sa paglalakbay.



Lumapit siya sa ilang grupo ng mga tagagiik upang humingi ng makakain. Dahil sa hiya ng matanda ay patingin – tingin lamang siya sa grupo ng mga kumakain. Hindi pansin ng mga tagagiik ang matanda na naghihintay na abutan siya ng kahit kaunting pantawid sa kanyang sumasakit na sikmura. Ngunit walang ni isa sa kanya ang pumapansin.

Nasaksikhan ni Maria ang nangyayari habang nakatayo sa isang tabi at hawak– hawak ang isang maliit na tinapay.





Dahil sa sobrang gutom, hindi siya nakatiis at lakas loob siyang nagsabi, “Mga amang, maaari ba akong makahingi kahit kaunti lamang ng inyong pagkain?” garalgal na wika ng matanda.

“Ilang araw na akong naglalakad, gutom at pagod na rin ako. Ubos na ang baon kong tinapay. Malayo layo pa rin kasi ang lalakaran ko,” pagbabakasakali ng matanda na bigyan siya ng mga ito.

Batid ng matanda na hindi siya pinapansin ng mga kalalakihan na kumakain. Ramdam na niya ang pagkahilo at matinding pagnanais na malagyan ng kahit kaunting pagkain ang kanyang kumakalam na tiyan. Wari ay nawawalan na siya ng pag-asa na makahingi man lang kahit kaunti.






Sa kasamaang palad, ay ganoon na nga ang nangyari. “Naku, pagod din kami sa pagsasaka kaya mapaparami ang kain namin ngayon. Sa iba ka na lang humingi.” sabi pa ng ilan sa mga ito.

“Kahit konti lang sana, pantawid ng gutom ko mga amang,” pagsusumamo ng matanda. Ngunit siya ay nabigo.

“Wala, ‘don ka, ‘don ka, umalis ka dito kumakain kami,” pagtataboy naman ng ilan. Walang nagawa ang matanda kundi ang lumayo. Matinding pagtangi sa hiling ng matanda ang tinuring ng mga ito.

Dala ng awa ay hindi na nakatiis si Maria sa nakikita. Naalala niya ang itinuro sa kanya ng kanyang pamilya — ang halaga ng pagbibigayan.

Kaya’t iniabot niya ang hawak na maliit na tinapay sa matandang babae. Kinuha naman nito ang tinapay at agad isinubo ito para pantawid sa kanyang gutom.





Hindi nagtagal ay umalis na ang matanda sa kamalig ng mga tagagiik. Tinitii ang gutom na nararamdaman, sinikap na lumakad at makahanap ng mahihingian ng tulong. Hanggang sa nakarating ang matanda sa tabing-ilog.

Naupo siya sa gilid upang sumalok ng tubig na maiinom. Sa tindi ng gutom at uhaw, nakailang salok rin siya. At muli niyang nakita ang batang si Maria sa ilog.

“Ineng, salamat sa ibinigay mong timapay sa akin, kahit paano ay napatid ang aking gutom.”

“Walang anuman po. Ang turo kasi sa akin ng mga kapatid ko ay tumulong sa mga nangangailangan.” nakangiting wika ng bata.

“Napakabuti mo.”

“Maria!” sigaw ni Nilo, ang pinakamatandang kapatid ni Maria.

“Halika na, uuwi na tayo.” aya nito sa kapatid.



“O! Sino ang kasama mo, Maria?” “Bilin namin sa iyo na huwag kang sasama sa hindi mo kilala hindi ba?” pabulong na tanong ng kapatid para marinig ng matanda.

Ikinuwento ni Maria sa mga kapatid kung saan sila unang nagkita ng matanda upang mawala ang pag-aalala ng mga ito sa kanya.

“A, ganoon ba?” “Naku! Paano ba iyan, kakaunti pa naman ang aming huli ngayon,” sabay pakita ng kanilang maliliit na huling isda.

“‘Di na bale, kasya na ito sa atin. Isama nalang natin ang matanda upang siya ay makakain kahit kaunti.” wika naman ni Nolan, isa ring kasama nilang mangingisda.



Sumama nga ang matanda at inalalayan pa siya ng dalawang binatilyo. “Iilan lang ang nahuli nating Banak. Mahina ang huli natin,” buntong hininga ni Nilo.

“Ilang araw na rin tayong nagingisda, siguro ay maliliit pa ang mga banak. Dapat siguro ay hayaan muna nating lumaki ang mga isda,” sagot naman ni Nolan sa kaibigan. Sabay akbay kay Nilo upang sa ganoon ay gumaan man lang ang naghihimutok na damdamin nito dala ng mahinang huli.

“Hindi bale kuya Nilo, kaunti lang ang kakainin ko, maliit pa kasi ang tiyan ko.” ani ni Maria. Habang hinahaplos ang kangyang maliit na tiyan. Hindi naman mapigilan na mapangiti ang mga ito sa biro ni Maria.



“Tama, hayaan muna natin sa ngayon. Baka sa susunod na buwan ay marami na ulit tayong huli na malalaking isda.” sang-ayon ni Romy sa tinuran ni Nolan.

“Ngunit magugutom tayo kapag nagkaganoon! Mahirap pa naman magutom si Maria.” pagbibirong wika naman ni Ben sa mga kasama.

Muli ay malakas na nagtawanan na naman ang grupo.



“Hindi naman siguro, hindi ba’t meron naman tayong nga dinaing na banak?
Sasapat iyon hanggang sa susunod na buwan.” wika naman ni Mang Tonyo sa mga kasama
habang nakasampay sa balikat ang lambat panghuli ng isda.

“Kailangan mamahinga tayo sa panghuhuli para dumami at lumaki
ang mga isdang Banak. Kaawa- awa din tayo kapag pati maliliit ay huhulihin
na rin natin. Mauubos talaga ang mga ito.” patuloy na paliwanag ni Mang Tonyo
sa mga kasamahan.



Matamang nakikinig lamang ang batang si Maria sa usapan ng mga nakatatanda.

Nalulungkot siya sa kanyang naririnig. Batid niyang kailangan nila ang mapagkukunan ng pagkain pra sa mga darating pang araw, kung hindi ay magugutom sila.

“Tama ka, dapat hintayin natin lumipas ang isang buwan para manganak at mabigyan ng panahon na lumaki at dumami ang mga isda.” wika ni Nolan habang akay-akay ang matandang babae na matamang nakikinig sa kanilang usapan.



Pinagsaluhan nila ang iilang maliliit na huling banak.
Bagaman maliliit ang isda, at kakaunti, hindi nila ramdam
ang kakulangan dahil nabusog na rin sila sa tawanan
at kuwentuhan habang kumakain nang masaya.





Nang makatapos kumain ang matanda, siya ay nagsabi, “Napakabuti ninyo mga amang, Maria.” Napangiti naman ang mga lalaki sa tinuran ng matanda sa kanila.

“Bagaman kulang pa sa inyo ang huling isda ay binahaginan ninyo ako,” dagdag ng matanda.

“Bilang pasasalamat ko sa inyo, ipapanalangin ko na biyayaan kayo ng lubos ng Panginoon at patuloy na maging masagana upang makapagbigay pa kayo sa mga nangangailangang katulad ko.” Napangiti ang lahat.

At umalis na nga ang matanda. “Ay! Akala ko magmamadyik si Lola, pagpapatawa ni Nolan sa mga kagrupo.

“Kuya, di po ba sabi ninyo ay huwag maghihintay ng anumang kapalit?” sambit ni Maria sa kapatid.

“Ayan, kasi!” sabay tawanan ng magkakapatid.



Lumipas ang mga araw at naging matindi ang init ng panahon. Hindi na maganda ang ani ng mga tagagiik at dumating ang di inaasahang taggutom. Wala ng maaning gulay at palay ang mga magsasaka dahil natutuyo na ang mga pananim sa tindi ng sikat ng araw. Matindi ang sikat ng araw halos natutuyo na ang mga sakahan. Nahihirapan na rin ang mga magsasaka na makabuhay ng mga pananim. Matinding tagtuyot ang nararanasan ng mga tagagiik. Namumroblema na sila kung saan kukuha ng makakain sa araw- araw.

“Kapag hindi pa rin umulan hanggang sa susunod na Linggo, wala na talaga tayong pag-asa na may makukunan ng ating kakainin.” wika ng lider ng mga tagagiik.





“Paano na ang pamilya natin wala tayong maibibigay na pangkain nila? Magugutom tayong lahat niyan. Ano ang gagawin natin?” sunod- sunod na katanungan ng mga kasamahan.

“Kailangan masolusyunan ang problemang ito kung hindi ay magugutom tayo.” pangamba ng mga tao roon.

Nasa mukha nila ang hignapis at takot dala ng problema na kanilang kinakaharap. Wala na silang maaring pagkunan ng makakain sapagkat pati ang mga alaga nilang hayop sa bukid ay nanghihina at ang ilan ay namamatay na rin. Napakalaking suliranin ang kinakaharap ng mga tagagiik.





“Iba talaga ang panahon ngayon pare ko, sobrang maiinit, halos mabitak ang mga lupa sa sakahan. Ano ba ito hindi na tayo makapagtanim, nasasayang ang mga binhi,” reklamo ni Mang Arturo.

“Oo nga, pare ko. Noong nakaraang buwan, naging maulan naman kahit dapat ay tag-araw. Sobra na ring malalakas ang bagyo, pinaparusahan na yata tayo ni Bathala. Nalunod pa nga ang mga alaga kong baboy noon dahil sa lakas ng agos ng tubig-baha. Kung hindi sobrang init, sobrang ulan naman.” dagdag naman ni Mang Celso.



“Ito na yata yung narinig ko sa balita sa radyo. Yun bang *Climate Change* daw. Sobrang init o *El Niño* at sobang ulan o *La Niña* naman ang tawag. Dulot daw ito ng pagkasira ng kalikasan. Dapat maagapan ito, napakahirap ng buhay nating magsasaka kung magpapatuloy pa ito.”

“Totoo ba yan? Hindi kaya pinaparusahan tayo talaga ni Bathala?”

“Naku naman, ikaw talaga pare naniniwala ka parin sa mga ganyan,” natatawang tugon ni Arthur.



Sa kabilang banda, ang mga mangingisda naman ay masayang nagkakarera ng kanilang mga bangkang lunday upang makahuli ng mga naglalakihang mga Banak. Masaya ang mga taga-ilog, marami at sagana ang kanilang huli. Sapat ang kanilang mga huling isda. Nagpapasalamat sila sa masaganang huli at may sapat silang makakain.

“Tama ka Mang Tonyo,” wika ni Nilo.



“Ngayon ay sagana tayo sa ating mga huling isda.”

✓ Masaya at maligaya ang lahat sa tabing-ilog. Nag-uumapaw ang mga huling Banak sa kanilang mga lunday at banyera. Walang pagsidlan ang kanilang tuwa.

✓ Nagpasalamat sila sa Poon sa kanilang tinatamasa.





Batid ng mga tagagiik ang kanilang kalagayan ngayon. Habang sila ay malungkot na nakaupo sa pilapil, nakita nila ang batang si Maria na naglalaro sa malapit. Pansin ni Maria ang lungkot ng mga tagagiik, kaya nakaisip siya ng ideya para matulungan ang mga ito.

“Tayo sa ilog,” niyaya niya ang mga tagagiik.

“Tiyak kong hindi sila tatanggi na tulungan kayo ng mga kasama naming mangingisda,” angungumbinsi nito sa mga tao.

“Hindi nila kayo pagdadamutan sapagkat sila ay mapagbigay sa mga nangan-gailangan.” Natulala sila sa tinuran ng bata. Muli ay nagbalik sa kanilang alaala ang hitsura ng matandang humingi sa kanila ng tulong na kanila namang tinalikdan.

“Huwag kayong mangamba, hindi tayo pababayaan ng ating kapwa basta’t tatandaan lamang natin ang pagtulong sa iba ay walang hinihinging kapalit.”





Hinikayat ni Maria ang mga lalaki na sumama sa kanya sa ilog upang tingnan ang nagaganap doon. Hindi siya nagkamali sa tinuran. Marami ngang isda ngayon sa ilog. Malalaki at sagana ang mga huli nila. Tuwang– tuwa si Maria na muling makita ang mga taga-ilog. Binigyan ng mga ito ang mga bisita ng kanilang huling Banak.

“Naku, maraming salamat po sa inyo,” wika nila.

Napakalaking pasasalamat ng mga tagagiik sa mga mangingisda sapagkat mayroon na silang maiuuwing hapunan sa kanilang pamilya. Batid nila na ang biyayang ito ay malaking tulong sa kanila. Mairaraos nila ang panahon ng tag-init dahil may tutulong na sa kanila na maitawid ang panahon ng taggutom.



Simula noon, sa panahon ng taggutom ay ganoon ang kanilang naging gawain.
Tinulungan nila ang mga magsasaka na makatawid sa panahon na walang ani ang mga ito.

Hindi naman nakalimot sa tulong na ibinigay ng mga mangingisda ang mga tagagiik.

- ✓ Nang panahong kailangan naman ng mga taga-ilog mamahinga sa pangingisda upang palakihin at muling paramihin ang mga alagang Banak, sila naman ang naghatid sa ilog ng
- ✓ kanilang ibinahaging mga aning gulay, bigas at iba pa. Naging pagpapala ang bawat isa. Hindi nila nakalimutan ang aral na natutuhan sa nakalipas na mga taon, sa tulong ng batang may magandang kalooban na si Maria.









Ang bawat suliranin ay isang matibay na daan upang matutuhan natin alamin ang daang dapat tahakin. Sa ikakaunlad ng bawat mamamayan, ang nakalipas ay isang matibay na tulay para pagdugtungin ang nakalipas at ang magandang hinaharap. Sa pagtutulungan nasusulusyonan ang problema at ang lahat ay nagiging magaan na dalahin. Sa bayan ng mga tagagiik ay natutuhan nila na sa panahon ng kahirapan ay mayroong handang mag-abot ng tulong. At sa kabilang banda, para sa mga taga-ilog, ang kaunting panahon ng pagtitiis ang kapalit ay kasaganahang walang patid.

Ang pangangalaga sa kalikasan at pinagkukunang yaman ay isang bahagi lamang ng tamang pamumuhay.





The background of the page is a deep blue gradient. At the top, there is a dark blue wavy line representing the surface of the water. Below this, a large, dark blue fishing net is shown, draped and curved as if it has just been pulled out of the water. In the lower half of the page, a large school of small, light blue fish is swimming towards the right. At the bottom of the page, there are stylized, swirling waves in shades of blue and white, with some white speckles representing bubbles or light reflecting off the water.

Ang kaugaliang ito ay nananatili hanggang sa ngayon. Kung kaya naman patuloy na umuunlad ang mga naninirahan dito. Ang pagbibigayan at pagkakaisa ang naging daan upang maging isang kilala ang dating lugar ng mga tagiik at taga-ilog.

Kaugaliang kinagigiliwan at ipinagmamalaki ng mga taga- Taguig.
At simula noon ay taon- taong inaalala ang aral sa
pamamagitan ng pagdiriwang ng Banak Festival sa
Taguig.

-WAKAS-



"No man is an island" wika nila. Sa panahong ng pangangailangan, sino nga ba ang tutulong sa iyo?

Sa ating kuwentong babasahin, alamin kung paano ang pagtutulungan at ang pangangalaga ng ating likas na yaman ay nakatulong sa mga tagagiik at taga-ilog upang makatawid sa tinatawag na Climate Change. Ang pag-iiba ng panahon sa ating planeta ay bunga ng Climate Change na siyang sanhi ng pabago— bagong panahon, ang sobrang maulan, kung tawagin ay La Niña, o sobrang maiinit naman na tinatawag na El Niño.

Ang kultura ng isang pamayanan ang siya ring malaking bahagi ng pagkakikilanlan ng mga naninirahan dito. Ikaw, paano ka makakatulong sa iyong sariling bayan upang mapanatili at mapahalagahan ito? Basahin ang kuwento ni Maria at ng mga Banak kung paano nabago ang pamumuhay ng mga Tagagiik at Taga-ilog.